Mga Komperensiyang Pinamumunuan ng Mag-aaral at Sinusuportahan ng Guro

Pahusayin ang Komunikasyon

MGA GURO SA TEAM

Tulungan ang mga mag-aaral na gumawa ng isang final portfolio na nagpapakita ng lahat ng mga pinakamahalagang subject (3-4 halimbawa ng trabaho para sa bawat subject)

Ipakita sa mga mag-aaral kung paano magsulat ng nagpapaliwanag na "mapag-uusapan" para sa bawat halimbawa ng trabaho

Hilingin ang mga mag-aaral na magsulat ng mga layunin sa bawat subject; tandaang tingnan muli ang mga ito sa katapusan ng taon upang pag-aralan ang kanilang progreso

Hilingin ang mga mag-aaral na kumpletohin ang listahan ng asal at kaugalian sa trabaho

Magbigay ng agenda sa mga mag-aaral sa mismong komperensiya upang maging gabay sa paggamit ng oras na inilaan sa kanila.

Gamitin ang oras ng klase upang makapagpraktis ang mga mag-aaral para sa kanilang komperensiya

Siguraduhing matalakay ng lahat ng mga guro ang progreso ng mag-aaral sa bawat pamilya sa panahon ng komperensiya mismo

Bigyan ang mga magulang ng pagkakataong sumali sa karagdagang komperensiya kung mas gusto nilang makipagkita sa mga guro nang pribado

ANG MAG-AARAL

Pumili ng mga halimbawa ng trabaho na nagpapakita ng iyong progreso sa bawat pangunahing subject

Maghanda ng "mapag-uusapan" para sa bawat halimbawa na nagpapaliwanag sa iyong natututunan; iwasan ang "pagpapakita at pagsasalita lamang"

Maging seryoso sa pagtatag ng layunin; magplano upang maging mahusay sa bawat subject

Maging tapat tungkol sa iyong asal/kaugalian sa pagtratrabaho sa bawat pangunahing subject

Gamitin ang iyong agenda upang tulungan kang pamahalaan ang panahon sa komperensiya mismo

Kapag nagprapraktis para sa iyong komperensiya, siguraduhing nakaayos ang iyong portfolio

Kapag dumating ang mga guro sa iyong komperensiya mismo, bigyang-galang sila at humintô upang hayaan silang makapagsalita

Hikayatin ang iyong mga magulang na sumali sa karagdagang komperensiya kung gusto nila ng karagdagang impormasyon

MGA MAGULANG

Humiling ng panahon para sa komperensiya na akmâ sa iyong iskedyul ng trabaho; kung nagkasabay-sabay, magpa-iskedyul muli sa team

Isama ang inyong anak; ang mag-aaral ang namumuno sa ganitong uri ng komperensiya nang may suporta mula sa lahat ng mga guro

Makinig nang maigi sa sasabihin ng inyong anak tungkol sa mga halimbawa ng kanyang trabaho; magtanong kung nangangailangan ng paglilinaw

Asahan ang iyong anak na ipaliwanag ang kanyang natutunan; hindi ito "pagpapakita at pagsasalita lamang"

Subukin nang maigi ang mga layunin ng iyong anak; magbigay ng takdang suporta na maibibigay ng iyong pamilya

Ang mga asal/ugali sa trabaho sa paaralan ay mahalaga upang magtagumpay sa middle school; pag-aralan ang mga ito nang maigi

Kapag dumating ang mga guro; magtanong sa kanila upang mas maunawaan ang progreso ng iyong anak sa bawat subject

Mag-iskedyul ng iba pang komperensiya kung kailangan ninyong makipagkita nang pribado sa mga guro

Mga Panghalili